

Message

Secretary ROSALINDA DIMAPILIS-BALDOZ

Department of Labor and Employment, Philippines

Meeting with Filipino Community Leaders in Sydney

Philippine Consulate General-Sydney

Philippine Centre, Level 1, 27-33 Wentworth Avenue

7:00 P.M., Tuesday, 15 September 2015

Introduction

1. Sa ating iginagalang na Consul General dito sa Sydney, Australia, Consul General Anne Jalandoni-Louis at sa kaniyang mga kasamahang opisyal at kawani sa Konsulado;

Sa pamunuan ng Filipino Community dito sa Sydney;

Sa aking kasamahan sa Philippine Overseas Labor Office sa Canberra na kasama natin dito ngayon, si Labor Attache Rodolfo Sabulao;

Sa ngalan po ng Department of Labor and Employment, at sa aking mga kasamahan sa aking opisyal na pagdalaw sa Australia, sa katauhan ni OIC Undersecretary Nicon F. Fameronag; POEA Administrator Hans Leo J. Cacdac; OWWA Administrator Rebecca Calzado; at ILAB Director Saul de Vries, binabati ko po kayong lahat nang isang maaliwalas, mapayapa, at mapagpalang gabi.

2. Isa pong karangalan na makadaupang-palad ko kayo dito sa Sydney at makasama ko kayo kahit sa maikling panahon. Natutuwa po kaming makilala at makita kayo na masaya dito sa Australia.
3. Kagagaling lang po namin sa Canberra, pero dito po kami dumaan kahapon galing sa Maynia. Doon po sa kapitolyo ng Australia ay nakipagpulong po tayo sa pinuno ng ating embahada doon, si H.E. Ambassador Belen F. Anota, na siya nating kasama sa ating pakikipagpulong kay Hon. Peter Dutton, ang

Minister for Immigration and Border Protection; at kay Hon. Eric Abetz,
Minister for Employment and Workplace Relations.

4. Ang akin pong pagdalaw dito sa Australia ay bahagi po ng aking pagbisita sa mga bansang pinupuntahan at pinagtatrabahuhan ng ating mga kababayang Filipino. Isa po sa aking prayoridad na gawain sa tuwing dadalaw po ako sa mga destinasyon ng ating mga kababayan ang makipagpulong po sa ating Filipino community leaders. Tapos ko na pong bisitahin ang Middle East noong isang taon, at nitong nakalipas na dalawang buwan, galing na po ako sa mga karatig-bansa natin sa Asya. Pagkagaling ko po rito sa Australia ay tutuloy po ako sa New Zealand kung saan nakatakda po tayong lumagda ng isang bilateral labor agreement.
5. Alam naman po marahil ninyo na malapit na pong matapos ang termino ng kasalukuyang administrasyon ng ating Pangulong Aquino III. Kasama po ako doon dahil magri-retiro na rin po ako. Kaya po ako dumadalaw sa mga Philippine Overseas Labor Office ng DOLE ay upang maging makatotohanan naman po ang aking ikukuwento sa aking kahalili kapag nag-turn-over po ako bilang Secretary.
6. Ngunit hindi pa man nangyayari iyon, nagagalak po ako na ibalita sa inyo na sa nakalipas na limang taon ay talaga pong todo-todo po ang aming pagsisikap na isakatuparan ang Labor and Employment Agenda ng pamahalaang Aquino III na naglalayong makamit ang decent and productive work, social protection, at sustained industrial peace para sa kapakinabangan ng lahat ng manggagawang Pilipino.
7. Kasama po sa pagsisikap na ito ang tunay pong mapangalagaan ang kapakanan at interes ng lahat ng mga migranteng manggagawa na katulad po ninyo dito sa Sydney, Australia.
8. Para po sa amin sa DOLE, napakahalaga na atin pong maipagpatuloy ang ating nasimulan na maraming reporma, partikular po ang panatiliing nakatuon ang pansin sa matuwid na daan na sinimulan ng ating Pangulo

upang lalong higit na pagtibayin ang pundasyon sa pagpapabuti ng kalagayan ng manggagawang Pilipino.

The Good News about the Philippines

9. Medyo malayo po ang Australia sa Pilipinas, at bagama't alam kong sa pamamagitan ng makabagong teknolohiya sa pagbabalita ay konektado kayo sa mga nangyayari sa ating bansa, alam ko rin po na nasasabik din kayo na marinig ang mahahalagang kaganapan sa Pilipinas. Alam ko rin na madalas na hindi magagandang balita ang nakakarating dito sa inyo. Kaya sasamantalain ko po ang pagkakataon na ito upang maipaabot ko naman sa inyo ang good news mula sa Pilipinas.
10. Totoo po na napakalayo na ang narating ng ating bansa mula po noong 2010. Talaga pong tuloy-tuloy na ang pag-unlad ng ating ekonomiya. Mula 2010 hanggang 2014, ang atin pong GDP growth rate ay umabot sa 6.2 porsiyento, pinakamataas na paglago sa apat na dekada. Naniniwala po ang maraming ekonomista na dahil sa ating maayos na macroeconomic fundamentals, malalagpasan pa natin ang record na ito.
11. Tapos na po ang mga araw na kung tawagin po tayo ay "Sick Man of Asia". Ngayon po ang tawag sa Pilipinas ng World Bank ay "Rising Tiger of Asia". Ang sabi naman ng Institute of Chartered Accountants in England and Wales ay "One of the Brightest Sparks in the ASEAN region" na ang Pilipinas.
12. Alam na po ninyo marahil na sa ilalim ng kasalukuyang administrasyon kauna-unahang nabigyan ang Pilipinas ng investment grade status ng tatlong pinakamalaking credit rating agencies: Fitch, Moody's and Standard and Poor's. Ang totoo po, sa kasalukuyang administrasyon po lamang nakatanggap ang ating bansa ng 22 positive credit rating actions. Ang ibig sabihin nito ay credit-worthy na tayo, bagay na ginagamit ng mga foreign investors sa kanilang desisyon na maglagak ng puhunan sa isang bansa. Dahil dito, ang ating investment climate ay inaasahang mag-anyaya pa ng mas maraming foreign private sector investments na tumutulong sa paglikha

ng trabaho. Sa katunayan, ang ating foreign direct investments (FDIs) ay lumaki mula US\$1.07-B noong 2010 sa US\$6.20-B noong 2014.

13. Bumalik na po ang tiwala sa atin ng daigdig. Our global rankings have improved in many of the economic and business indicators used to score and rank economies, such as the World Competitiveness Index of the World Economic Forum; the World Bank's Ease of Doing Business Report; the Heritage Foundation's Index of Economic Freedom, and many others.
14. Nais ko ring banggitin na sa ngayon nga ay tayo na rin ang nagpapautang sa International Monetary Fund, taliwas noong araw na mabigat nating dinadala ang problema ng foreign debt.
15. Bukod po dito, kung pag-uusapan naman ang ating demographics, sabi po ng Philippine Statistics Authority (PSA), ang populasyon ng bansa ay inaasahang aabot sa 142 milyon sa 2045, kung kailan karamihan sa mga Pilipino (67.5 porsiyento) ay nasa working-age group na (15-64 years old). Ito ay tinatawang na demographic "sweet spot" na papasukin ng Pilipinas umpisa sa 2015 at ating aanihin ang pakinabang na ito hanggang taong 2025.
16. Ang demographic "sweet spot", ayon sa Bangko Sentral, ay panahon sa kasaysayan ng isang ekonomiya kung saan ang malaking bahagi ng populasyon ay nagtatrabaho at ang mamamayan ay may sapat na purchasing power na magsusulong upang higit pang lumago ang personal consumption at investments, at sa gayon ay bumilis pa ang pag angat ng ekonomiya at kabuhayan.
17. Kayo po na mga kababayan natin dito sa Australia ay napakalaki ang nai-aambag sa paglago ng ating ekonomiya at kabuhayan, dahil po sa maayos po ang inyong kalagayan dito. Kahit saan din naman ako pumunta, iisa po ang naririnig ko ukol sa ating mga manggagawa: mahuhusay po talaga ang mga Pilipino kaya nga po patuloy pa ang pangangailangan sa kanila sa maraming panig ng daigdig. Ganyan po ang nangyayari sa New Zealand kung kaya't pupunta po tayo doon.

Sustaining Economic Growth Measures

18. Kung inyo pong nababalitaan, napaka-trapik po sa Maynila. Totoo po ito, ngunit kung may bad side po ang trapik, may good side din po ito. Isa po sa mga dahilan ng trapik ay ang kabi-kabilang construction ng iba't-ibang infrastructure projects, kabilang ang mga kalsada, tulay, at mga gusali. Inaasahan po natin na magtutuloy-tuloy pa ang mga proyektong ito dahil public investments po ay isa sa pangunahing economic stimulus. Nito pong Hunyo nang umuwi siya mula sa Japan, ang pasalubong po ng Pangulo na investment pledges mula sa mga Hapones ay P13.5 bilyon at Official Development Assistance na P136 bilyon. Mapupunta po ang kalakhan nito sa infrastructure.
19. Sa susunod na ilang taon, ang pamahalaan ay nakatak dang gumastos ng bilyon-biyong piso para sa malalaking proyektong pang-imprastraktura hindi lamang sa Mega Manila, kundi maging sa iba pang bahagi ng bansa.
20. Ang mga proyekto, na tinatawag na Dream Projects, ay kinabibilangan ng highways, expressways, railways, road-based public transport, traffic management, ports, at airports, kasama ang Mega Manila Subway Project na nagkakahalaga ng P341 bilyon at New NAIA Airport Project na may halagang P436 bilyon.
21. Sa turismo po, halimbawa, mula 2011-2015, gumastos na ang pamahalaan ng P60.48 bilyon para sa 463 na tourism roads. May dagdag pa po na P24 bilyon na budget ang DPWH para sa 2016 upang makumpleto ang iba pang tourism roads na ipinatatayo natin ngayon. 'Yun pong P24 bilyon ay hindi po kabuuan ng budget ng DPW. Pang-tourism-related projects lang po iyan.
22. Talaga pong nag-iba na ang pananaw ng pamahalaan ukol sa paggastos ng pera ng bayan. Sa ilalim ng reporma sa pamamahala, at sa unang pagkakataon, ang pinakamalaking bahagi ng ating national budget ay inilalaan na sa social services. Dati, mas malaki ang budget para sa defense

at pagbabayad-utang. Sa 2015 budget halimbawa, ang social services na kinabibilangan ng edukasyon, kalusugan, at social protection ang may pinakamalaking budget na umabot sa P967.9 bilyon o 37.1 porsiyento. Pangalawa dito ay ang economic services na may budget na P700.2 bilyon o 26.9 porsiyento. Pumapangatlo na lang ang defense na may budget na P115.5 bilyon o 4.4 porsiyento.

23. Dahil po dito, malakas po ang tiwala ng bayan sa ginagawa ng ating pamahalaan. Ipinapakita po ng mga survey na hindi po bumababa sa 50 porsiyento ang bilang ng mga Pilipino na nagpapahayag ng tiwala at approval sa ating Pangulo.
24. Maging kami po sa DOLE at maging ang iba pong ahensya ng pamahalaan ay nadadamay din. Dahil po sa mga reporma na ating ipinatutupad, 38 out of the 64 government agencies and offices sa pinakahuling Executive Outlook Survey ng Makati Business Club, ay tumanggap ng positive net satisfaction ratings mula sa mga negosyante sa Pilipinas, with 31 agencies improving on their rankings from 2014.
25. The most improved agencies based on their rankings from 2014 are the Senate (+26), House of Representatives (+13), Department of Trade and Industry, Board of Investments, Office of the Ombudsman and Department of Budget and Management (all got +11). Ang Department of Labor and Employment po, na kauna-unahang non-economic agency na pumasok sa survey noong 2011, ay umakyat po mula sa Rank 22 in 2014 to Rank 13 in 2015.

Programs and Services for OFWs

26. Ang mga binanggit ko ay ilan lamang sa maraming mabubuting kaganapan at pagbabago sa ating bansa na inaasahan ko na inyong mararamdaman sakaling magbakasyon kayo sa Pilipinas.

27. Hindi po nakakalimot ang pamahalaan na masuklian ang napakalaking ambag ninyo sa ekonomiya bilang migranteng manggagawa. Sa bahagi po ng DOLE, kami po ay patuloy na nagsisikap na mapabilis at mapabuti ang pagbibigay ng mga programa at serbisyo sa inyo.
28. Para sa inyong convenience, meron na po tayong Balik Manggagawa (BM) Online Processing System. Maaari na po kayong kumuha ng OEC sa pamamagitan ng internet, kahit saan at kahit anong oras.
29. May utos po ang ating Pangulong Benigno S. Aquino III sa DOLE at sa DFA na i-transform ang ating mga Migrant Workers and Other Filipinos Resource Centers (MWOFRFC) at mga POLOs bilang mga “Centers of Care and Excellence”. Bahagi ng transpormasyon ay ang mabilisang pag-resolba ng kanilang mga kaso, pagpapauwi sa Pilipinas, at muling pagbabalik sa ating lipunan o reintegration.
30. Mayroon po tayong “Assist WELL” Program na ipinatutupad. This program is a package of reintegration assistance/services to address the Welfare, Employment, Legal and Livelihood needs of repatriated workers. It provides such services as temporary shelter/accommodation, transportation, psychosocial counseling, job placement/referral and competency assessment and certification. In addition, this program also provides technical and livelihood skills training, entrepreneurial mentoring and support, business loan assistance and legal assistance ranging from legal advice and counseling to conciliation and assistance in preparing and filing of complaints for illegal recruitment, recruitment violation and disciplinary cases.
31. The Technical Skills Development Authority (TESDA) and the National Reintegration Center for OFWs (NRCO), has rolled out the Assistance Package for Uplifting the Status of Filipino Household Service Workers (HSWs). This is intended to upgrade the skills of Filipino domestic workers and eventually bring them to higher-skilled and better-paying jobs. Under this program, our HSWs will be subjected to skills profiling, assessment, certification onsite, as well as skills training in the Philippines. The certification

and training component of the program will help boost the chances of HSWs to find better-paying and high-end jobs in the Philippines or abroad.

32. Sa mga bansang marami pong nagtatrabaho na teacher-domestic worker, katulad po sa Hong Kong, Macau, Singapore, at UAE, ang DOLE po at ang Department of Education ay may programang “*Sa Pinas, Ikaw ang Ma’am/Sir Program*” para po sa mga OFW na gustong magturo sa mga pampublikong paaralan. Ang kahuli-hulihan pong bilang ng aplikante na na-endorso po natin sa DepEd upang mabigyan ng plantilla item na Teacher 1 ay 422 OFw teacher-applicants.
33. Ang isa po sa pinaka-huling good news para sa mga ginagawa ng pamahalaan para sa inyo ay ang atin pong paglagda kamakailan ng **Joint Manual of Operations in Providing Assistance to Migrant Workers and Other Filipinos Overseas**, ang dokumentong itinuturing natin na napakalaking hakbang sa ating pagtutulungan na lalo pang mapabuti ang ating serbisyo sa mga migranteng Pilipino.
34. Sa kauna-unahang pagkakataon po mula nang maging batas noong 1995 ang R.A. 8042, na sinusugan ng R.A. 10022, nagkaroon po tayo ng isang makasaysayang dokumento na nakasulat at nagsasabuhay ng mandato ng iba’t ibang ahensya ng pamahalaan upang maisigurado na ang proteksyon at pangangalaga sa kapakanan ng mga migranteng Pilipino, kabilang ang kanilang mga batayang karapatan at kalayaan, ay higit pang mabigyan ng pinakamataas na prayoridad ng pamahalaan, sa ilalim ng “one-country team” approach” na pinangungunahan ng Department of Foreign Affairs.
35. Sa ilalim po ng “one-country team approach”, lahat po ng opisyal, kinatawan, at empleyado ng pamahalaan na nakabase sa ibayong dagat, ay dapat kumilos “on a per country basis” bilang isang team, na may misyon, sa ilalim ng liderato ng Head of Post.

36. Bilang pangwakas, nais ko pong ipaalala sa inyo na kahit po kayo malayo sa Pilipinas, hinihimok ko po kayo na magtulungan at magkaisa. Kilala po tayo sa pagbabayanihan, na siyang tanda ng ating pagiging Pilipino.

37. May I also remind you to always observe the laws of your host country. You have travelled miles away from home, endured too many years away from your families, just to be able to make a decent living. Do not let your sacrifices go to waste because of an infraction with the law. We want your host government to know that Filipinos are a peace-loving and law-abiding people. In fact, we want all of you to be ambassadors for our country and help raise the bar of the Filipino identity abroad.

38. Maraming salamat sa inyong lahat!

END